# MGA BAYTANG NG PANGANGAILANGAN

*ni:*
**Bernadeth S. Mañalac**
*Master Teacher I- JCPJrMHS, Naparing Dinalupihan*

Mahalaga at makabuluhan ang tamang pagdedesisyon ng mga magulang para sa kanilang mga anak mga aspektong tumutulong upang ang anumang kagustuhan at pangangailangan ng isang kabataang indibidwal na nahuhubog sa loob ng paaralan. Ang mga gawi, asal at pagkilos ang mga pundasyong nagpapakilala sa kabuuan ng isang bata.

Ayon kay Santos et al. (2020) ang pagsusuri ng mga taong pinagsama-sama ng magkakatulad na paniniwala, simulain, lahi, karanasan, mithiin at maglalayong mapaunlad ang kabuuang kahalagahan ng isang indibidwal.

Ang paaralan ay isang konkretong hulmahan ng kabuuang progreso ng isang kabataan-ang kanyang katangiang mentalidad, pisikal, emosyonal, ispiritwal at sosyolohikal ay unti-unting nahuhubog sa tulong ng isang mayamang kapaligiran-ang paaralan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Dahil sa paghubog ng paaralan ang isang estudyanteng malusog ay maaaring magamit upang maging mabisang sangkap o bahagi ng isang lipunang may mga manggagawang mataas ang antas ng kaalaman at kasanayan.

Mula naman kay Gregorio (2023) ang mga pangunahing batayan ng mga kagustuhang pantao ay ang siyang nagpapakilos sa bawat indibidwal na husayin pa ang kani-kaniyang kaalaman at husay.

Samakatuwid, ang paaralan, ang guro at ang bawat kakayanan na pinadalubhasa pa ng kani-kanilang kaalaman ay isang napakatibay na moog upang ang kagalingan at kahusayan ng isang mag-aaral ay maging pinakamabisang sandata sa pagkakaroon ng matibay na bukas.

Ang maayos at sistematikong pag-aaral upang lalo't-higit na mapagyaman ang mga katangian ng bawat mag-aaral para sa kanilang ikabubuti upang magkaroon ng makabuluhang bahagi sa ating lipunan ay sumisimbolo ng isang matatag na ekonomiya.

*References:*

Gregorio (2023). International Conflict and Effective Communication. USA: Free Spirit Publishing Co.

Santos et al. (2020). Interpersonal Communication. Makati, Philippines: Salesiana Publishers, INC.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan